Republika ng Pilipinas
KAGAWARAN NG EDUKASYON
Rehiyong Isla ng Negros
SANGAY NG NEGROS ORIENTAL
Siyudad ng Dumaguete

Hunyo 28, 2016

PANDIBISYONG MEMORANDUM
Blg. 375 ,s. 2016

BUWAN NG WIKANG PAMBANSA

PARA SA : Mga Superbisor ng Programang Edukasyon
Mga Tagamasid ng Purok
Pinuno ng mga Pampubliko at Pampribadong Paaralan

1. Ipinapaalam ng opisinang ito ang taunang pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa na gaganapin ngayong Agosto 1-31, 2016. Ito ay alinsunod sa Pangkagawarang Memorandum Blg. 24, s. 2016, at Penrehiyong Memorandum Blg. 24, s. 2016. Ang nasabing pagdiriwang ay pangungunahan ng Komisyon ng Wikang Filipino (KWF). Ang tema ng pagdiriwang sa taong ito ay ***Filipino: Wika ng Karunungan***.

2. Para sa karagdagang detalye, pakitingnan ang kalakip na memorandum.

3. Malawak na desiminasyon ng memorandum na ito ay nais.

LELANIE T. CABRERA, CESE
Tagapamanihala ng Dibisyon

28 JUN 2016

Republic of the Philippines
Department of Education

10 FEB 2016

MEMORANDUM PANGKAGAWARAN
Blg. 24 , s. 2016

BUWAN NG WIKANG PAMBANSA

Sa mga : Direktor ng Kawanihan
Direktor Panrehiyon
Tagapamanihala ng mga Paaralan
Pinuno ng mga Pampubliko at Pampribadong Paaralan

1. Ang Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) ay mangunguna sa pagdiriwang ng taunang **Buwan ng Wikang Pambansa** tuwing ika-1 hanggang ika-31 ng Agosto alinsunod sa itinakdang Pampanguluhang Proklamasyon Blg. 1041, s. 1997. Ang tema ng pagdiriwang sa taong ito ay *Filipino: Wika ng Karunungan.*

2. Ang layunin ng pagdiriwang ay ang mga sumusunod:

   a. ganap na maipatupad ang Pampanguluhang Proklamasyon Blg. 1041;
   b. mahikayat ang iba't ibang ahensiyang pampamahalaan at pampribado na makiisa sa mga programang tulad nito na nagpapataas ng kamalayang pangwika at sibiko; at
   c. maganyak ang mga mamamayang Pilipino na pahalagahan ang wikang pambansa sa pamamagitan ng aktibong pakikilahok sa mga Gawain kaugnay ng Buwan ng Wikang Pambansa.

3. Ang lingguhang paksa sa loob ng isang buwang pagdiriwang ay ang mga sumusunod:

   a. Filipino: Wika ng Edukasyon at Kalinangan;
   b. Intelektuwalisadong Wikang Pambansa, Wika ng Umuunlad na Bansa;
   c. Pagsasalin, Susi sa Pagtamo at Pagpapalaganap ng mga Kaalaman at Karunungan; at
   d. Ang Wikang Filipino ay Wika ng Saliksik.

4. Ang mga nabanggit na lingguhang paksa ang patnubay at magsisilbing batayan ng lahat ng gawaing bubuuin at isasagawa sa isang buwang pagdiriwang. Ang mga ito ay hindi nakaayos ayon sa pagkakasunud-sunod upang magkaroon ng kalayaan ang lahat sa pagpaplano ng programa.

5. Para sa iba pang detalye o impormasyon, mangyaring makipag-ugnayan sa:

Komisyon sa Wikang Filipino (KWF)
Sangay ng Edukasyon at Networking (SEN)
Gusaling Watson, 1610 Kalye J.P. Laurel
San Miguel, Maynila
Telepono: (02) 736-2525; (02) 736-2524; (02) 736-2519
Email: komfil@kwf.gov.ph; komisyonsawikangfilipino@gmail.com
Website: www.kwf.gov.ph

6. Hinihiling ang mabilis na pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

BR. ARMIN A. LUISTRO FSC
Kalihim

Sanggunian: Memorandum Pangkagawaran Blg.: 79, s. 2015

Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan
sa ilalim ng mga sumusunod na paksa:

BUREAUS AND OFFICES
CELEBRATIONS AND FESTIVALS
CURRICULUM
LEARNING AREA, FILIPINO
SCHOOLS

Alma/ DM Buwan ng Wikang Pambansa 2016
0044-January 14/29, 2016